Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IV-A CALABARZON
CITY SCHOOLS DIVISION OF BIÑAN CITY

DEPARTMENT OF EDUCATION
Schools Division of Biñan City
RECORDS SECTION
RECEIVED
MAY 04 2021
2:51pm

04 May 2021

DIVISION MEMORANDUM
No. 150, s. 2021

**PAGPAPALAHOK SA DANGAL NG WIKA**

To : Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng Paaralang Pamamahala at Operasyon ng mga Paaralan
Hepe ng Tagapagpatupad ng Kurikulum
Punongguro ng mga Paaralang Elementary at Sekondarya

1. Hinihikayat ang mga paaralan sa elementarya at sekondarya na lumahok sa taunang paligsahang inilunsad ng Komisyon sa Wikang Filipino sa Dangal ng Wika 2021.

2. Ang layunin ng gawaing ito ay parangalan ang mga indibidwal o samahan na nakapag-ambag sa pagpapaunlad ng wikang Filipino.

3. Kalakip nito ang kalatas at ang mekaniks ng paligsahan.

4. Para sa karagdagan impormasyon maaring kontakin si **Raquel L. Azur**, Pansangay na Tagamasid sa Filipino ng Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum sa numerong 09989942744.

5. Hinihiling ang mabilis na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.


**EDNA FAURA-AGUSTIN**
Schools Division Superintendent

Address: P. Burgos St. Brgy. Sto. Domingo, Biñan City Laguna
Website: depedbinancity.com.ph
Email: deped.binancity@deped.gov.ph
Telephone no: 511-4143/ 511-8620/ 511-4191/ 511-8746

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO •1991•

*Bukás na sa mga nominasyon!*

# DANGAL NG WIKA 2021



Ang Dangal ng Wikang Filipino ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal, samahán, tanggápan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino.

**30 HUNYO 2021**
Huling araw ng pagsusumite

**DANGAL NG WIKA 2021, Bukás na para sa nominasyon!**

Ang **Dangal ng Wikang Filipino** ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal, samahán, tanggápan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino.

1. Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal, samahán, tanggápan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa ibá't ibáng larang at/o disiplina.
2. Pára sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taón. Pára sa mga samahán, tanggápan, ahensiyang pampamahalaán, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limáng (5) taón.
3. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino sa ibá't ibáng larang at disiplina. (Kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba).
4. Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat mulâ sa labas ng KWF.
5. Pára sa onlayn na nominasyon, ihanda ang lahat ng softcopy (.pdf format) at magtungo sa link na ito: https://forms.gle/Ay4wDFxEVsYKxqnSA : (1)KWF Pormularyo sa Nominasyon; (2) **Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina;** (3) **Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán);** at (4) **Mga pruweba sa katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino at/o alinmang katutubong wika sa bansa.**
6. Pára sa nominasyon na ipadadala sa koreo, ilakip sa isa o higit pang long brown envelop ang lahat ng dokumento (hardcopy) na nakasaad sa bílang 6 at ipadalá sa:

**Lupon sa Dangal ng Wikang Filipino 2021**
**Komisyon sa Wikang Filipino**
**2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel**
**San Miguel, Maynila**

8. Ang hulíng araw ng pagpapása ng nominasyon ay sa **30 HUNYO 2021, 5nh.**
9. Ang tatanghaling Dangal ng Wikang Filipino 2021 ay tatanggap ng naturang gawad sa Pammadayaw: Araw ng Gawad sa Agosto 2021.
10. Pára sa ibá pang detalye, mangyaring tumawag o mag-text sa 0928-844-1349, o magpadalá ng email sa Sangay ng Edukasyon at Networking sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.